

Quadrennial Theme:	<i>Spirituality for these Critical Times</i>
Panahon:	<i>Panahon ng Pamamayani ng Diyos</i> (Kingdomtide)
Antas:	Middle/Older Elementary
Setyembre 3, 2017:	Ikalawang ng Pamamayani ng Diyos/Linggo ng Misyon

Pamagat:

Kagalakan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos

Matandang tipan:

AWIT 100 (Magandang balita Biblia)

AWIT NG PAGPUPURI

Isang awit ng pasasalamat

¹ Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa! ² Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyang kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa! ³ O si Yahweh ay ating Diyos! Ito'y dapat na malaman, tayo'y kaniya, kaniyang lahat na nilalang; lahat tayo'y bayan niya kabilang sa kaniyang kawan. ⁴ Pumasok sa kaniyang templo na ang puso'y nagdiriwang, umaawit, nagpupuri sa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya'y pasalamatan! ⁵ Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya'y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

Lumang Tipan: Habakuk 3:17-18 (Magandang balita Biblia)

Magtiwala at magalak sa gitna ng kaguluhan

¹⁷ Bagamat di namumunga ang puno ng igos at hindi rin namumunga ang puno ng ubas, Kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ng mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan, ¹⁸ magagalak pa rin ako at magsasaya dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin.

Bagong tipan: Filipos 4:4-7 (Magandang balita Biblia)

⁴ Magalak kayong lagi sa Panginoon, Inuulit ko, magalak kayo! ⁵ Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. ⁶ Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. ⁷ At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo-Jesus.

SUSING KAISIPANG:

Ang Iglesia ay nagagalak sa lahat ng panahon

Layunin:

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga bata ay inaasahang;

1. Nakakapagbahagi ng masaya at malungkot na mga karanasan sa bahay, sa paaralan at sa simbahan
2. Naipapaliwanag na ang kagalakan sa lahat ng pangyayaring dumarating ay para sa kalakasan

3. Naipapakita ang kaugnayan ng kagalakan sa misyon ng Iglesia
4. Nasasabi ang mga paraan kung paano nananatili ang kagalakan ng Iglesia sa lahat ng panahon.

Mga gagamitin: Bibliya (*Magandang Balita Biblia*) song/verse chart, iba't-ibang kulay ng cartolina , coloring materials, markers, glue, gunting, 3' x 0.5' sheet of white paper and a tongue depressor

Mga karanasan sa pag-aaral:

A. Panimulang gawain

1. Pagkakamustahan: Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating.
2. Panimulang panalangin. “ Panginoon, Naririto po kami at nagpupuri dahil alam naming ikaw ay walang hanggang Diyos. Bilang kami, na makikinig ng iyong salita ngayon, ay tulungan mo po nawa kami na ito ay masunod at magawa nang may kagalakan. Sa pangalan ni Jesus, ito ang aming dalangin...Amen!
3. Panimulang awit:

C'mon Everybody"

*C'mon everybody, preach the name of Jesus.
All the people of the earth let them hear. (Repeat)*

Chorus: Joy is like the sunshine shining down upon us
Joy is like a golden crown so c'mon everybody.
Preach the name of Jesus, Halleluia. (4X)

C'mon everybody, sing a song of joy.
Let everybody listen to the happy song. (Repeat)

B. Paghahanda ng Aralin

1. Ihanda ang klase sa pagsamba habang inihahanda nila ang banderetas (streamer). Maghanda ang bawat bata ng a'3 x 0.5 na puting papel at isang *tongue depressor*. Ihanda rin ang mga kagamitan na gagamitin ng mga bata tulad ng: markers, krayola, glue at gunting. Sabihin sa mga bata na ikapit ang dulo ng banderetas (*streamer*) sa tongue depressor. . Hikayatin silang lagyan ng dekorasyon ang kanilang streamer at hayaan silang makapili ng kahit anong teksto batay sa mga sumusunod; (*o kaya naman ay gagawa sila ng kanilang sariling kapahayagan*)
 - a. Ako ay laging nagagalak sa Diyos!
 - b. Ako ay laging magpupuri sa Diyos! !
 - c. Ako ay lilikha ng masiglang ingay para sa Diyos!
 - d. Ang kapayapaang mula sa Diyos ay siyang gagabay sa aking puso at isipin kay Cristo.
2. Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang naramdaman habang ginagawa nila ang kanilang banderetas (streamer) .

C. Pag-aaral

1. Hikayatin ang mga bata na magbahagi ng masaya at malungkot na karanasan sa kanilang buhay sa bahay, sa paaralan at sa simbahan. Sabihin sa kanila na ang aralin ngayon ay makakatulong sa kanila anuman ang hamon sa buhay na dumating.
2. Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Sabihin sa mga bata na gumawa ng isang choral recitation sa dalawang teksto.

Pangkat 1: Awit 100

Lahat: *Umawit sa kagalakan ang lahat ng mga bansa!*

Mga babae: Si Yahweh ay papurihan, paglingkuran siyng kusa; lumapit sa presensya niya at umawit na may tuwa.

Mga lalaki: ³ O si Yahweh ay ating Diyos! Ito’y dapat na malaman, tayo’y kaniya, kaniyang lahat tayong lahat na nilalang; lahat tayo’y bayan niya kabilang sa kanyang kawan.

Lahat: ⁴ Pumasok sa kaniyang templo na ang puso’y nagdiriwang, umaawit, nagpupurisa loob ng dakong banal; purihin ang ngalan niya at siya’y papurihan. ⁵ Napakabuti ni Yahweh, pag-ibig niya’y walang hanggan, pag-ibig niya ay tunay, laging tapat kailanman!

Pangkat 2: Filipos 4:4-7

Mga babae : ⁴ Magalak kayong lagi sa Panginoon! Inuulit ko ; Magalak kayo! ⁵ Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kabutihang – loob. Malapait nang dumating ang Panginoon.

Mga lalaki: ⁶ *Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay . Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat .*

Lahat: ⁷ At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-kaisa kay Cristo Jesus .

3. Talakayin ang mga teksto gamit ang mga sumusunod na impormasyon.

a. Awit 100. Ang awit ay may kaugnayan kay David. Ang talatang 1 ay nagpapahayag sa atin na sumigaw nang may kagalakan para sa Panginoon dahil sa ginawa ng Diyos sa atin. Sabihin natin “ **Tayo ay nagpupuri sa Diyos nang may kagalakan** “.Ang talatang 2 naman ay nagpapahayag na umawit tayo habang ang kanyang presensya ay ating nararanasan at kinikilala ang Dakilang pag-ibig ng Diyos para sa atin. Ipahayag natin “**Sambahin ang Diyos nang may kagalakan**” . Sa talatang 3 ay nagsasabi na ating parangalan ang Diyos bilang pagkilala sa kaniya na ating Diyos na Manlilikha at tayo ay nagkatipon sa pamamagitan ni Jesus-Cristo. Ipahayag natin “ **Parangalan ang Diyos nang may kagalakan**” . Samantala , ang talatang 4 at 5 ay nagsasabi na habang nararanasan natin ang presensya ng Diyos , tayo ay nagpapasalamat at nagpupuri sa kaniya dahil ang Diyos ay mabuti at ang kanyang pag-ibig sa atin ay magpakailan man. Ipahayag natin “ **Tayo ay magpuri, parangalan at sambahin ang Diyos nang may pasasalamat at kagalakan**” .

b. Filipos 4:4-7 . Sinulat ni Apostol Pablo ang Filipos noong siya ay nakabilanggo ng dalawang tao sa Roma. Kaya’t sa mga talatang ito, ay pinapayuhan ni Pablo ang Filipos na magalak

sa Panginoon lagi at sa lahat ng bagay. Sinabi ni Pablo ang mga sumusunod;

- 1) Ang aming naranasang kapayapaan sa Diyos ay sagot sa aming agam-agam o pagkabalisa. Ang pagkabalisa ay nagiging kasalanan kung tayo ay hindi naniniwala o nananalig at nagtitiwala sa presensya ng Diyos at sa kaniyang kalooban.
- 2) Dapat tayong manalangin nang may pasasalamat para sa lahat ng ating mga pangangailangan, maliit man ito o malaki. Ang banal na Espiritu ay laging namamagitan o nakagapay sa ating panalangin.
- 3) Ang kapayapaan ng Diyos ay laging katulong natin sa pagkaunawa dahil ang kapayapaan ng Diyos ay dakila at hindi lamang nakabatay sa pagkabalisa ng tao, lahat ay nalalaman at nananatili sa loob ng puso, at pag-iisip ng tao.

D. Pagpapalalim/ Pagbabahaginan

Itanong

1. Anong ideya ang tinalakay sa parehong teksto? ? (*Magpuri sa Diyos lagi*)
2. Paano tayo nakatitiyak na hindi tayo makakaranas ng pagkabalisa sa buhay kung tayo ay nakakaranas ng mga pagsubok sa buhay? (*Filipos 4: 6*)
3. Bakit kailangang tayo ay magkaroon ng regular na panalangin kahit na sa kasiyahan o kalungkutan? Bakit? (*Filipos 4: 7*)
4. Paano maipapaloob ng Iglesya ang panalangin bilang isang ministeryo ng Iglesya (*ang sagot ay nakabatay sa karanasan ng mag-aaral*)

E. Aral sa Bibliya

Itanong: Anong mga programa o ministeryo ng Iglesya na nakakatulong sa mga kaanib o miyembro sa lahat ng oras? (*Ang panalangin ay pinakamagandang bagay para makatulong sa mga tao para makapagpuri sa lahat ng oras. Maging ang paglilingkod sa iba nang may kasiyahan sa puso ay nakapagbigay kagalakan sa ating puso at isip sa lahat ng oras.*)

F. Pagsasabuhay

1. **Para sa ME:** Sabihin sa klase na humahap ng kapareha. Tawagin ang magkapareha ng “praise pair” at hilingan ang bawat magkakapareha na magusap tungkol sa limang bagay na ipinagpapasalamat nila sa Panginoon. Pagkatapos nilang magbahaginan ay isusulat nila ito sa pisara (*board*) . Pagkatapos gawin ng magkapareha ang kanilang gawain ay bigyang diin sa kanila mayroon walang hanggang bagay na maaring ipagpapasalamat sa Diyos bilang Kristiyano na nakakaranas ng kaniyang kabutihan.
2. **Para sa OE:** Hikayatin ang mga bata na gumawa ng isang bookmark gamit ang iba’t-ibng kulay ng cartolina. Hayaang gamitin o gawin ng mga bata ang hitsura ng simbahan sa paggagawa ng bookmark. Susulat sila ng kahit lumang mga paraan kung paano may kagalakang maglingkod sa Panginoon. Pagkatapos ay hikayatin ang mga bata na magbahagi ng kanilang mga ginawa sa klase
3. Pagkatapos ng gawain ay pangunahan ang mga bata para sa panalangin ng pagpupuro at

pasasalamat sa kabutihan ng Diyos.

G. Pangwakas na gawain

- 1. Talatang sasauluhin:** Awit 100 at Filipos 4:5
- 2. Paghahandog:** Hikayatin ang mga bata na gamitin ang kanilang banderetas habang umaati at naghahandog.
- 3. Pangwakas na awit:** "Rejoice, Give Thanks in the Lord Always" (HFJ # 174)
- 4. Pangwakas na panalangin:** Kami ay nagpupuri Panginoon dahil sa iyong pag-ibig at katapatan sa amin. Turuan mo nga po kami O Diyos na gawin ito sa gitna ng mga pagsubok at tukso, sa kalungkutan at kasayahan. Bilang isang Iglesya, tulungan mo po kami at turuan kung paano maging masaya o magalak sa lahat ng panahon at sa lahat ng pagkakataon. Ito ang aming dalangin, sa pangalan ni Cristo na pinagmulan ng ating kasiyahan at kalakasan...Amen!

